# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 23, 2025, MARTES, IKA-09:23 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad – nasa bakasyon |

RECEIVED 01 OCT 2025 — Santa Cruz, Laguna
RELEASED 01 OCT 2025 — Sangguniang Bayan Office, Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 337- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 021-T2025 NG BARANGAY SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA HUMIHILING SA KGG. JOSE PIMENTEL EJERCITO, JR. – SENADOR NG PILIPINAS NA MAPAGKALOOBAN NG "AMBULANCE VEHICLE" ANG BARANGAY SAN JUAN.**

**SPONSOR - HON. LAURA P. OBLIGACION**

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Juan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 021-T2025 na humihiling sa Kgg. Jose Pimentel Ejercito, Jr. – Senador ng Pilipinas na mapagkalooban ng "ambulance vehicle" ang Barangay San Juan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kapasiyahan ng barangay ay iniliwat sa Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T**, malaking tulong ito para sa mga residente ng Barangay San Juan lalo't sa panahon na kinakailangan ang agarang pagresponde;

**SAPAGKA'T**, kung maisasakatuparan ito ay ay makatutulong ng malaki sa Barangay San Juan dahil kaakibat na paglaki ng populasyon at ang pagdami ng pangangailangan ng agarang aksiyon;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Rizaldy N. Kalaw at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 021-T2025 ng Barangay San Juan, Santa Cruz, Laguna na humihiling sa Kgg. Jose Pimentel Ejercito, Jr. – Senador ng Pilipinas na mapagkalooban ng "Ambulance Vehicle" ang Barangay San Juan.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Pangkalahatang Paglilingkod, at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 23, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan